

Lucas 11:1-4

Siya'y nanalangin sa isang lugar at nang siya'y makatapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin, gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga alagad."² Sinabi niya sa kanila, "Kapag kayo'y nananalangin, inyong sabihin, 'Ama, sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo.'³ Ibigay mo sa amin sa bawat araw ang aming pang-araw-araw na pagkain.⁴ At ipatawad mo sa amin ang aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad naman namin ang bawat nagkakautang sa amin, at huwag mo kaming dalhin sa tukso.'" (Ang Biblia)

Panimula (5 mins)

1. Ibahagi ang isang pagkakataon na bumagsak ka sa isang exam noong nag-aaral ka pa. Bakit ka bumagsak?

Tulay sa Pagsasaliksik: Maaring bumagsak tayo sa isang exam dahil mahirap talaga. Ngunit maaari din namang bumagsak tayo hindi dahil mahirap ito kundi hindi natin pinag-aralan mabuti. Gayundin sa prayer life natin, ilan sa atin ay maaaring bagsak dito dahil hindi natin pinaglalaanan ng oras ang pag-aaral tungkol dito at mismong pagsasagawa nito. Ngayon ay inaanyayahan tayo ni Cristo na sama-samang mag-aral sa kanyang *School of Prayer*. Ang ating tugon gaya ng mga alagad ay: "Panginoon, turuan mo kaming manalangin" (v. 1).

Pagsasaliksik (25-30 mins)

2. Basahin ang Lucas 11:1-4. Bago ang pagtuturo ni Cristo tungkol sa kung ano ang ipapanalangin (vv. 2-4) at kung paano manalangin (vv. 5-13), ano ang makikita nating ginawa ng isa sa mga alagad? Ano ang maaaring ipinapakita nito patungkol sa kanilang prayer life? Anong attitude ang makikita natin sa kanilang paghiling kay Jesus na turuan sila?

3. Kung susuriin natin ang ating prayer life, ano ang masasabi natin tungkol dito? Anong matututunan natin sa ginawang paglapit ng alagad kay Jesus?

4. Nagpaturo silang manalangin. Walang tala sa Bibliya na makikitang nagpaturo silang magturo o gumawa ng himala. Ano ang makikita natin

dito patungkol sa kahalagahan ng panalangin? Ano ang mga prayoridad natin sa araw-araw ang nakahahadlang upang makapaglaan tayo ng oras na manalangin? Ano ang maaari mong gawin para ayusin ito?

5. Ano ang ginagawa ni Jesus bago siya hilingan ng isang alagad na turuan silang manalangin? Bakit sa tingin mo ito nag-udyok sa alagad na magpaturo kay Jesus?

6. Anu-anong halimbawa ang makikita natin sa kahalagahan ng panalangin sa buhay ni Jesus: Lucas 5:15-16; 6:12; Marcos 1:35; Mateo 14:22-23? Paano natin ito ilalapat sa ating pansariling panalangin?

7. Sa tingin mo ba ay sanay ka nang manalangin? Anu-ano pang kakulangan ang nakikita mo sa iyong prayer life? Paano nakatulong ang pag-aaral na ito upang maunawaan mo ang kahalagahan ng pagkatuto sa panalangin?

Pagsasabuhay (10 mins)

8. Magtalaga ng takdang oras sa araw-araw na ilalaan mo sa panalangin. Pinakamaganda ang oras sa umaga. Ibahagi ito sa grupo at sama-samang ipanalangin ang pagtulong ng Diyos na magkaroon ka ng disiplina sa panalangin.

9. Gamitin ang bahaging ito sa sama-samang panalangin. Ipanalangin na:

- Turuan kayo ng Panginoon sa tulong ng Espiritu kung ano ang ipapanalangin at kung paano manalangin.
- Maranasan ng Kaagapay Group ang kapangyarihan ng Diyos sa sama-samang panalangin.
- Mas maging malalim ang inyong relasyon sa Diyos dahil sa araw-araw na ugnayan sa kanya sa panalangin.
- Tugunan ng Diyos ang kahilingan ng bawat isa (ibahagi ito sa grupo).

Jesus' School of Prayer

(Luke 11:1)

By Derick Parfan

May 31, 2009

Introduction

Second year college ako nang magsimula akong magkaroon ng engineering subject. First exam nun at feeling ko kayang-kaya ko, dahil naging matataas naman ang grades ko sa mga math subjects ko. Nagulat ako nang 35% ang makuha kong grade sa exam – bagsak na bagsak. Yung kaklase kong tinuturuan ko ay pasado, ako hindi. Pagkatapos nito, narealize ko na hindi ko pinagtuunan ng pansin ang pag-aaral or pagreview sa exam. Kala ko simple lang, hindi pala. Pero nung nakita ko yung mga mali ko, simple nga lang. Hindi ko lang talaga pinagbutihan.

Katulad ng ilang mga estudyante na papasok sa eskuwelahan sa susunod na araw, ipinalalagay natin na ang pag-aaral tungkol sa panalangin ay hindi kailangan o kaya'y para sa mga bagong Kristiyano lamang. Simple lang ang manalangin ngunit marami sa atin ang bagsak dito. Kasi ay hindi natin napagtuunan ng pansin o kaya'y hindi natin siniseryoso ang pag-aaral dito upang mas maging mainit tayo sa panalangin.

Pasukan na kinabukasan. Naienroll n'yo na ang inyong mga anak. Ngunit ngayon ay may paanyaya sa ating lahat ang Panginoon: Enroll now in Christ's elementary school of prayer. Magpatala na sa mababang paaralan ng panalangin ni Cristo. Let us go back to the basics for the basics of the Christian life will get us deeper in our relationship with God. Ito ang itinuturo sa ating ng Luke 11:1-4, ngunit magfocus tayo ngayon sa verse 1:

Siya'y nanalangin sa isang lugar at nang siya'y makatapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin, gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga alagad."

Ang Luke 11:1-4 ay mas maikling bersiyon ng Lord's Prayer na matatagpuan sa Matthew 6:5-13. Sa Matthew, ito ay bahagi ng Sermon on the Mount kung saan si Jesus ay nangangaral sa maraming tao. Sa Luke, mukhang mga alagad lang niya ang kanyang kausap. Bago niya ituro kung ano ang anyo ng kanilang panalangin (vv. 2-4) at kung paano sila dapat manalangin (vv. 5-13), mababasa natin na humiling sila na turuan silang manalangin: *"Siya'y nanalangin sa isang lugar at nang siya'y makatapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin, gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga alagad"* (v. 1).

"Lord, teach us to pray." Gaya ng mga alagad ni Cristo na nagnanais na matutong manalangin, enroll now in Christ's elementary school of prayer. Eto ang eskuwelahang hindi natin dapat palampasin. Nag-aaral ang mga estudyante sa

pinakamagandang university upang magkaroon ng mas magandang trabaho. Mag-enroll na tayo sa school of prayer ni Cristo upang magkaroon tayo ng mas malalim na relasyon sa ating Ama sa langit. Ngayon, tingnan natin ang apat na elemento ng school of prayer na ito: (1) the student; (2) the subject; (3) the teacher; and (4) the enrollment.

The Student

"Lord, teach us to pray." Lahat po tayo ay mga estudyante dito – mula bata hanggang matanda, mula sa mga bagong Kristiyano hanggang sa mga pastor na at mga manggagawa. Pagkatapos ni Jesus manalangin, lumapit ang isa sa kanyang mga alagad o disciple. Hindi sinabi kung sino sa kanila, basta isa sa kanila. Ibig sabihin ng "disciple" ay learner o student. At lumapit siya kay Jesus na nagnanais na matuto. Ngunit nagsalita siya hindi lamang para sa kanyang sarili: "Teach us to pray." Hindi "turuan mo sila", kundi "turuan mo kami." Bagamat palagi na silang kasama ni Cristo at nakikita ang halimbawa niya, hindi pa nila lubos na nauunawaan ang panalangin. Bagamat aral na sila sa katuruan at tradisyon ng mga Judio sa panalangin, nakita nila ang pangangailangan na matutong manalangin na gaya ni Cristo. Nakita nila ang kakulangan. They were students willing to learn.

Hindi darating sa punto ng buhay natin na hindi na natin kakailanganin na pag-aralan ang tungkol sa panalangin. Prayer is so simple that even children can learn; but it is so profound that even the most mature among us cannot fully comprehend. Dapat tayong palaging mag-aral. Dapat tayong maging excited na mag-aral.

Nag-aaral ako ngayong sa IGSL (International Graduate School of Leadership) bagamat noong una ay inisip ko na OK lang naman na di na ko mag-aral dito kasi pwede naman akong mag-self study para sa ministry. Ngunit ngayon ay nakikita ko ang kahalagahan ng pagiging estudyante. Tinuturuan kami na hindi lamang mag-aral ng Bible, theology, at leadership, kundi matuto rin na paglaanan ng oras ang panalangin sa pamamagitan ng mga halimbawa ng mga teachers at mga retreats na sinasamahan namin. I am a student of prayer. I want to learn.

Palagi nating tingnan ang sarili natin na dapat mag-aral tungkol sa panalangin. Naisin natin ang matuto. Huwag mong sabihing hindi mo kailangan. Ano ang tingin mo sa sarili ngayon? How's your communion with God? Do you feel this kind of discontent that you want to learn more about prayer? If you want to learn to pray, enroll now in Christ's elementary school of prayer. Kung ikaw ay estudyante, dapat mag-aral na mabuti. At ano ang dapat pag-aralang mabuti?

The Subject

"Lord, teach us to pray." Prayoridad sa ating buhay Kristiyano ang panalangin. Hindi natin ito pwedeng isantabi lang nang hindi maapektuhan ang ating relasyon sa Diyos at pamumuhay sa mundong ito. Walang record sa Gospels na humiling ang mga alagad na "turuan mo kaming mangaral" o "turuan mo kaming magpagaling at magpalayas ng mga demonyo." Maaring sinabi nila ito ngunit wala tayong

makikitang tala na hiniling nila ito kay Cristo. Ang mababasa lamang natin ay “turuan mo kaming manalangin.” Prayer is a priority subject that we need to learn. Dapat natin itong pahalagahan nang higit sa pangangaral, pangunguna sa church, paglilingkod sa mga ministries, pagbabahagi ng ebanghelyo, o pagtulong sa mga nangangailangan. Bakit? Dahil ito ay ating ministeryo sa Diyos, ito ay ugnayan natin sa Diyos. If loving God is the first and greatest commandment, prayer must be the greatest subject we need to learn.

Ang klase ng panalangin na nais nilang matutunan ay ang panalangin na nararapat sa isang tagasunod ni Cristo. Praying like what Jesus taught is a mark of a true disciple. Kaya nga sinabi nila na turuan sila ni Cristo *gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga alagad*. Hindi ito dahil sa pagkainggit sa kanila o pagsasabi ng kakulangan ni Cristo sa pagtuturo. Ito ay pagpapahayag na ang panalangin ay ninanais nila dahil ito ay prayoridad sa buhay ng isang tagasunod ni Cristo.

Paborito ko ang subject na math noong highschool. Sumasali ako sa mga math competitions para irepresent ang aming school. Minsan na nawala ako ng ilang araw dahil sa isang competition, pagbalik ko ay parang galit sa akin ang teacher ko sa history dahil puro na lang daw math ang inaasikaso ko. Feeling niya ay hindi ko napagtutuunan ng pansin ang subject na itinuturo niya. Sa tingin niya, mali ang priorities ko, bagamat di ako sang-ayon sa kanya.

Gayundin naman, kung sa paningin ng Diyos ay prayoridad ang panalangin, hindi ba dapat na ito ang unahin natin? Whatever we think our priority should be, we must submit to God who wants to spend time with us in prayer. Ano ang priority mo? Ano ang una mong ginagawa paggising? Ano ang isang bagay na hindi mo makakaligtaang gawin sa isang araw kahit gaano kaabala ang schedule mo? Ano ang pinaglaanan mo ng oras? Ito ba ay panalangin? Siyasatin natin ang ating sarili tungkol dito. If prayer is a priority, enroll now in Christ's elementary school of prayer. Maaaring hindi mo favorite subject ang prayer, pero may pagkakataon pa para magpalit ng favorite subject.

Minsan sa college, hindi tayo nag-enroll sa isang subject dahil ayaw natin sa teacher. Ngunit sa panalangin, wala tayong dahilan upang hindi mag-enroll dahil we have the best teacher. His name is Jesus.

The Teacher

“Lord, teach us to pray.” Walang ibang makapagtuturo sa atin na manalangin nang higit kay Cristo. Siya ang best at perfect example of a man of prayer. Kung gusto mong matuto ng isang bagay, lalapit ka sa maalam sa bagay na iyon, sa batikan na hindi sa baguhan lang. Alam ito ng mga alagad. Sa katunayan, hiniling nila ito kay Cristo pagkatapos na siya ay manalangin. Nakita nila si Jesus na nananalangin. Merong kakaiba sa panalangin niya na nag-udyok sa kanila na magkaroon ng ganoong klaseng relasyon sa Diyos.

Jesus is the best teacher. Ang pagtuturo niya ay may awtoridad hindi lamang dahil sa marami siyang alam tungkol sa panalangin (alam niya ang lahat ng bagay!), kundi dahil ipinapakita niya ito sa kanyang buhay. Tingnan ninyo ang mga talatang ito:

“Subalit lalo niyang (lalaking ketongin na pinagaling ni Jesus) ikinalat ang balita tungkol kay Jesus. Nagtipon ang napakaraming tao upang makinig sa kanya at upang mapagaling sa kanilang mga sakit. *Subalit umaalis si Jesus patungo sa ilang at nananalangin*” (5:15-16).

[Pagkatapos ng buong magdamag na ministeryo] “Nang madaling-araw, habang madilim pa, pagbangon ni Jesus ay lumabas siya at nagtungo sa isang ilang na lugar, at doon ay *nanalangin*” (Marcos 1:35).

[Pagkatapos pakainin ang 5,000 at bago lumakad sa tubig] “Pagkatapos ay pinasakay niya kaagad ang kanyang mga alagad sa bangka at pinauna niya sa kabilang ibayo, habang pinapauwi niya ang maraming tao. Pagkatapos niyang pauwiin ang maraming tao ay *umakyat siyang mag-isa sa bundok upang manalangin*. Pagsapit ng gabi, siya'y narooing nag-iisa” (Mateo 14:22-23).

[Bago niya piliin ang Labindalawa] “Nang mga araw na iyon, siya ay nagtungo sa bundok *upang manalangin* at *ginugol ang buong magdamag sa panalangin sa Diyos*” (Lucas 6:12).

[Bago niya tanungin ang mga alagad tungko sa kung sino siya sa kanilang palagay] “Minsan, nang si Jesus ay *nananalangin mag-isa*, ang mga alagad ay kasama niya...” (9:18).

[Bago makita ng tatlong alagad ang kanyang pagbabagong-anyo] “At pagkaraan ng mga walong araw pagkatapos ng mga salitang ito, isinama ni Jesus sina Pedro, Juan, at Santiago, at umahon sa bundok *upang manalangin*. *Samantalang siya'y nananalangin*, ang anyo ng kanyang mukha ay nagbago at ang kanyang damit ay naging nakasisilaw na puti” (9:28-29).

Sa kanyang buhay ipinapakita niya na prayoridad ang panalangin. Itinuro niya ito sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng klase ng panalangin na ginugol niya kasama ang Ama. Walang anumang ibang gawain ang makahahadlang sa kanya upang isantabi ang mga banal na oras na inilalaan niya kausap ang Diyos. Kung si Jesus nga na tunay na Diyos ay nananalangin gaya ng isang taong dapat ay nakadepende palagi sa Diyos, tayong pa kaya.

Ang favorite teacher ko noong highschool ay si Ms Garcia. Bakit? Kasi siya ang tumutok sa akin upang sanayin sa mga competition na sasalihan ko sa math. Naglaan siya ng oras upang turuan ako. Nakita ko na alam niya ang kanyang

tinuturo. Nakita ko ang passion niya. Hindi ako matututo at mananalo sa mga competition kung hindi ako maglalaan ng oras na mag-aral kasama siya. Gayundin sa panalangin, lumapit tayo at maglaan ng oras sa kanya ng nakakaalam nito at passionate na ipakita sa atin ang daan ng pakikipag-ugnayan sa Diyos Ama.

Dahil si Jesus lamang ang tanging nakaaalam kung paano dapat lumapit sa Ama sa panalangin, lumapit tayo kay Jesus. Maglaan ng maraming oras kasama siya. Pakinggan ang kanyang sinasabi. Pag-aralan ang kanyang buhay. If you don't spend time with the Teacher, you will not learn how to pray like him. Dapat gawin ito araw-araw. Hindi mo kailangang magaling magsalita upang manalangin. Tulad ni Jesus, maglaan ng oras dito. Pinakamaganda ang unang oras natin sa umaga kung kailan tahimik pa at walang istorbo. Maghanap din ng lugar na walang makasasagabal. At sabihin mo sa Ama ang laman ng iyong puso. Purihin siya at hilingin ang mga bagay ayon sa kanyang kalooban. If you want to learn from prayer's Master Teacher, enroll now in Christ's school of prayer.

Ang pagkatuto sa panalangin ay hindi nangyayari nang biglaan, kailangan ang unang hakbang. Ang isang estudyante hindi makakapag-aral kung hindi muna mag-enroll.

The Enrollment

"Lord, *teach* us to pray." Ang unang hakbang sa pagkatututo sa panalangin ay anyayahan si Cristo na maging tagapagturo mo sa panalangin. Ibukas ang puso and have a heart that is willing to learn from him. Ito ang hiling ng mga alagad kay Jesus: "teach us." "Panginoon, pakialaman mo ang buhay namin. Gisingin ang aming natutulog na damdamin ukol sa panalangin. Handa kaming matuto. Ituro mo ito sa amin." Dapat ganyan din ang hilingin natin kay Jesus. Hayaan mo ang Teacher na magturo. Wag kang maingay upang marinig siya.

Wala naman tayong dapat na ibang gawin o dapat bayaran para makapasok sa school of prayer ni Jesus. Libre ito. Samantalain natin. Problema ng maraming magulang ang mahal na tuition. Ang tuition ko sa UP ay mura lang. Ngunit mas mura sa PUP, sa eskuwelahan ng kapatid ko. Kung sa Assumption ka mag-aral siyempre mahal pero masaya si Irene at ang kanyang mga magulang dahil may scholarship na nakuha. Libre. Jesus paid it all on the cross so we can approach him boldly in prayer. We can have intimate relationship with him now because of what he has done. Bakit di natin samantalain ang pagkakataong ito? Kung nakakuha ka ng malaking scholarship sa isang prestigious university at hindi ka mag-enroll, ano ang tawag dun?

Paggraduate ko ng highschool nag-alok sa aking ang Fatima University na mag-aral doon nang libre. Tinanggihan ko kasi ayaw ko ng medical course. Tatanggihan ba natin ang alok ni Cristo na lumapit tayo sa kanya? If we want to enjoy the privilege of drawing near to God in prayer, enroll now in Christ's school of prayer.

Libre nga ito, ngunit kailangan ng disiplina sa part natin. Kapag nag-enroll, hindi ibig sabihin natuto na. Kailangan maglaan ng oras para dito. Ang natutuhan sa eskuwelahan dapat iapply sa buhay. We learn not by hearing but by doing. Wag mong sabihin na hindi ka sanay manalangin at hihintayin mo na matuto ka muna bago magsimula. Hilingan mo ang Espiritu na tulungan ka.

At gayundin naman, ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan; sapagkat hindi tayo marunong manalangin nang nararapat; ngunit ang Espiritu mismo ang namamagitan na may mga daing na hindi maipahayag; ngunit ang Diyos na sumisiyasat ng mga puso ay nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagkat siya ang namamagitan dahil sa mga banal ayon sa kalooban ng Diyos. (Roma 8:26-27)

Conclusion

Alalahanin natin: Tayong lahat ay estudyante at dapat matuto tungkol sa panalangin. Ito ay prayoridad sa ating buhay Kristiyano. Si Cristo mismo ang magtuturo sa atin patungkol dito. May pribilehiyo tayo na anyayahan siya na turuan tayo kung paano manalangin at kung ano ang ipapanalangin. Inaanyayahan niya tayo: "Enroll now in my elementary school of prayer." Our response should be: "Lord, teach us to pray."

Kanina ay naibahagi ko sa inyo na 35% lang ang nakuha kong grade sa first exam sa unang engineering subject ko. Ngunit noong sumunod na exam, naging determinado ako, natuto sa pagkakamali ko at pinaglaanan ko ng oras ang pag-aaral. I got 100% this time at 90% naman sa third exam. Wow! Nagulat teacher ko at tinanong ako kung ano nangyari noong first exam. Napangiti lang ako.

Do I now have 100% grade in my prayer life, or at least a passing mark? I don't think so. Hindi ko masasabi na satisfactory ang prayer life ko. I still struggle. Ngunit natutuhan ko ang mga pagkakamali ko noong una na pinahahalagahan ko ang ibang mga bagay. Nagiging dahilan pa ang mga ginagawa ko sa ministry na para din naman sa Diyos. Pinakamahalaga ang relasyon natin sa Diyos.

Nais niya na pagtuunan ng pansin ang panalangin bago ang paglilingkod sa kanya. Ito ang marka ng isang tunay na tagasunod ni Cristo. May nagsabi, "What a Christian on his knees, that he is and no more." Let our life and our ministry be an overflow of time spent in prayer and communion with God.

Alam ko marami sa atin ay may struggle patungkol dito. If you don't struggle, don't be confident that you don't need to learn about prayer anymore. Marami pa tayong dapat matutunan. Sama-sama tayong mag-aaral tungkol dito. Walang iwanan. Enroll now in Christ's school of prayer. Sa eskuwelahan ito, walang magdadropout. Sigurado, we will enjoy this journey...together.